Pagmarka ng Iyong Balota

Pagmarka ng balota sa isang pansekretong folder

Kung bumuboto ka sa panahon ng maagang pagboto o sa mismong araw ng halalan sa presinto na may teknolohiya, makakatanggap ka ng balota na nasa isang pansekretong folder.

1. Dalhin ang pansekretong folder na naglalaman ng balota sa likod ng voting screen.
2. Tanggalin ang balota mula sa pansekretong folder at markahan ng X sa puting bilog katabi ng pangalan ng kandidato na gusto mong iboto.
3. Ibalik ang minarkahang balota sa loob ng pansekretong folder at dalhin ito sa taong nasa vote tabulator.
4. Maghintay habang isinusubo ang iyong balota sa tabulator.

Kung nagkamali ka sa pagmarka ng iyong balota, ilagay ang balota sa loob ng pansekretong folder at ibalik ito sa opisyal ng botohan. Bibigyan ka nila ng kapalit na balota na mamarkahan.

Pagmarka ng isang nakatuping balota

Kung bumuboto ka sa panahon ng maagang pagboto o sa mismong araw ng halalan sa presinto na walang teknolohiya, makakatanggap ka ng nakatuping balota.

1. Dalhin ang nakatuping balota sa likod ng voting screen.
2. Buklatin ang balota para hanapin ang mga pangalan ng mga kandidato.
3. Markahan ng X sa puting bilog katabi ng pangalan ng kandidato na gusto mong iboto.
4. Muling itupi ang minarkahang balota at ibalik ito sa opisyal ng halalan para ma-verify ng kanilang inisyal sa likod ng balota.
5. Kapag na-verify na ang balota, ibabalik ito sa iyo para maihulog mo sa kahon ng balota.

Kung nagkamali ka sa pagmarka ng iyong balota, muling itupi at ibalik ito sa opisyal ng halalan. Bibigyan ka nila ng kapalit na balota na mamarkahan.

Pagmarka ng write-in ballot (balota na susulatan ng pangalan ng kandidato)

Kung bumuboto ka sa iyong returning office, makakatanggap ka ng isang write-in ballot.

1. Dalhin ang nakatuping balota sa likod ng voting screen.
2. Isulat ang pangalan at apilyedo ng kandidatong gusto mong iboto sa nakalaang blangkong espasyo.
3. Muling itupi ang minarkahang balota at ibalik ito sa opisyal ng halalan para ma-verify ng kanilang inisyal sa likod ng balota.
4. Kapag na-verify na ang balota, ibabalik ito sa iyo para maihulog mo sa kahon ng balota.

Kung nagkamali ka sa pagmarka ng iyong balota, muling itupi at ibalik ito sa opisyal ng botohan. Bibigyan ka nila ng kapalit na balota na mamarkahan.